# 4 PUMILA SA PANTRY NI ANGEL, NAGPOSITIBO SA COVID-19

Daily Tribune (Philippines) · 30 Apr 2021 · 3 · Ni Izel Abanilla

Nagpositibo sa COVID-19 ang apat na kataong pumila sa birthday community pantry ni Angel Locsin nitong Abril 23 sa Barangay Holy Spirit, Quezon City.

Kinumpirma ito ni Quezon City Epidemiology and Surveillance Unit (CESU) chief Dr. Rolando Cruz sa isang panayam.

Ang isa sa apat ay nawalan ng panlasa at sumakit ang ulo, habang ang tatlo ay asymptomatic.

Dahil dito, muling hinimok ni Dr. Cruz ang iba pang dumagsa sa pantry ni Angel na magavail ng libreng swab testing mula sa pamahalaang lungsod.

Sa ngayon, prayoridad ng Quezon City government ang COVID-19 testing ng mga pumila sa community pantry ni Angel para matukoy at kaagad na mai-isolate ang mga nagpositibo sa mga ito.

Naging kontrobersiyal ang community pantry ni Angel nang atakehin sa puso at mamatay si Rolando dela Cruz, 67, habang nakapila sa pantry ng 36-year-old actress philanthropist.